

Araw ng Mayo 2020

Pandaig-digang kapitalismo, nababahala lamang sa sarili nitong kaligatasan, pagsamantalahan at talikuran ang mga sektor ng manggagawa sa pagbagsak.

Kapitalismo ay maari at dapat pabagsakin kahit saan.

Mga kasama, mga manggagawa

Kapitalismo ang may pananagutan sa mga pagkalugi sanhi ng epidemyang ito. Sa lahat ng mga kontinente ang magulong pagmamadali ng kanayunan na mga tao, sa paghahanap ng pagkakakitaan para mabuhay, sa nakakatakot at baliw na pagsasama-sama ng kapitalismo sa lungsod, at ang pabigla-biglang paglilipat ng mga tao ay syang dahilan kung bakit ang pangangalagang pag-iwas ay imposible.

Sa loob ng maraming taon, ang agham medikal ay hinulaan ang pagkalat ng bagong virus sa buong mundo at ang kakila-kilabot na epekto nito. Subalit, ang mga epidemy ay hindi maiiwasan o hindi masusugpo sa lipunang pangkasalukuyan. Kabisera, laging naghahanap ng mabilisang kita, ay walang pakialam sa panghuhula at pagpipigil. Hindi nakapaglaan ng sapat na pangtustos sa mga medikal na kagamitan at hindi nagsanay ng sapat na dami ng kawaning medikal. Tunay nga, mabilisan ang pagkabawas nila kahit saan, pagpipilit sa kanila sa hindi mapigilang pagttrabaho ng sobra; naisara na ang marami sa mga ospital at ginawa itong “mga kompanya”. Ang kautusan ay laging magtipid sa pagpapanatili at pag-aalaga ng mga sektor nang manggagawa.

Ang inaasahang pagbagsak ay dumating na sa wakas, nakakasama ng loob sa sangkatauhan na walang kahit anumang paghahanda para harapin ito at ang pagkakagulo ng pinakabagong kawalan ng katiyakan sa abilidad ng kapitalismo para protektahan and kalusugan at buhay sa planeta.

Sa harap ng pangdaigdigang salot, kung saan pwede lamang kalabanin sa pamamagitan ng magkakatumang plano ng buong mundo sa agham at pagkakaisa, ang bawat estado ay kailangang gawin ang sarili nitong bagay. Ang malala, ang krisis ay lumalakas na kompetisyon sa pagitan ng pambansang setro ng kapitalismo at ng kanilang mapopoot at di-makataong pagiging makasarili. Ito ay magpapalaki ng digmaang pangkalakalan sa pangambang ang mga kataunggali mula sa ibang bansa ay sasamantalahan ang sitwasyon para alisin sila mula sa bahagi ng merkado. Sa digmaang ito sa pagitan ng mga pambansang burgis, ang mga manggagawa ay walang makukuha at lahat ay paghihirap.

Ang mga industriyalisado ay pinaantala ang pagsasara ng mga pabrika sa punto kung saan ang higit pang pagkakaantala ay walang kasiguraduhang mangyayari: mulat Tsina patungong Italya at Pranses, patungong Reyno Unido at patungong Estados Unidos, kung saan seryosong pinalawak ang pagbagsak. Maski ang mga hakbang para isara ang komersyal at libangang gawain ay hindi na naantala, ang mga tagapangasiwa ng karamihang ng industriya ay nakahanap ng paraan para umikot ang mga panununan para magpatuloy ang produksyon, bukod sa mga kumpanyang kung saan mas madali para sa kanila ang magsara, ay madaling nakakakita ng butas mula sa malabong panununan ng namamahalang grupo.

Kaya, pinwersa nila ang mga manggagawa na pumasok sa mga pabrika o gawaan, kahit na ang mga industriya na walang kinalamang sa dagliang pangagailangan pangkalusugan, kagaya ng produksyon ng bakal, at ang kawan papunta sa pampublikong sasakyan, grabeng paghihiwalay ng lipunan kasama ng hangganan ng antas: ang mga proletaryang ngayon ay hindi na rin makapangyarihan sa sarili nilang mga buhay. Tulad ng sa digmaan, kailangan nilang magsakripisyo ng kanilang sarili para sa diyos ng mga burgis, kita.

Habang ang mga parbrika ay nananatiling bukas, welga at pagpupulong ng manggagawa ay pinagbabawal. Ang mg union, kung saan naubos na sa rehimen sa ngalang ng “pagkakaisang pambansa”, inendorso ang dogma ng burgis na ang pagbabawas ng produksyon “ay hindi pagpipilian”. Makutento sa kaunti pang sabon at maskara: kakaunting dolyares.

At ito ay totoo. **Upang mapagpatuloy ang pagbubuo at paglalaan ng kita, ang mga kapitalista ay kailangan patuloy palaguin ang sakop ng produksyon.** Sa kadahilanang ito, bawat kumpanya, walang kasunduan sa mga ibang sektor, talagang sila’y nakikipagdigma sa kanila, sinusulong ang ritmo at sakop ng trabaho sa pinakasagad, pra sa walang kabuluhang pag-asa na makakahanap ng buyer sa nakabalihaw na pagtaas ng kalakal ng anumang uri, hibang at sistemang anarkiya.

Kapitalismo ay hindi gumagawa batay sa kung ano ang kailangan; ito gumagawa batay sa inaasahang kita o tubo. Ang karamihan ng mga kalakal na nagawa samakatuwid ay walang kabuluhang panglipunan at lalo lamang pinarurusahan ang mga manggagawa na siyang gumagawa ng mga ito, ang mga mamimili na hinimok gamitin ang mga ito, at ang kapaligiran, na hindi kinakailangan nakakalat at nakakalason.

Itong hindi mababago at malinaw na walang katotohanan ay dapat kinakailangang harangin lahat ng kasangkapan para sa reproduksiyon ng kapital at

komersyo sa dalas ng pagtaas. Ito ngayon as solo at malapitang magkakaugnay na pangdaigdigang makina, isang kabaliwang kung saan hanggang siyam na pu’t limang porsyento (95%) ng gawain ay walang silbi or na kakapinsala.

Sa katunayan, sa pagdaan ng nakaraang taon, bago pa mang ang pagsiklab ng epidemya, ang pangkalahatan, makasaysayan, mga siglong taon, hindi matakasang krisis ng mga kapitalista sa paraan ng produksyon ay dumating sa tamang panahon at naaapektohan na ang lahat ng larangan ng pamumuhay at lipunan.

Kaya, hindi ang salot ang naging dahilan ng krisis. Ang pangkalinisang paghihiwalay, na kung saan ito ay humaharang sa pagkonsumo ng lahat ng kalakal na hindi talaga kinakailangan sa buhay, sa buong mundo at sabay-sabay, pinalakas ang pangkasalukuyang sobrang produksyon ng mga kalakal, at halos dalahin ang magulong ikot ng kapital ng pag-ipun sa pagtigil nito.

Ang kaguluhan ay kumalat sa mga burgis, sila ay tumakbo para magbenta sa palitan ng sapi, habang ang mga negosyante ay natatakot sa pagbaba ng mga kita nila. Ang mge desperadong kapitalista sa lahat ng bansa ay umaapila sa Estado para sa mga mandamyento, mga kredito, at proteksiyong pang komersyal, gayun din ang pagtulong sa kanila sa pagtanggol laban sa mga manggagawang pakikibaka. Subalit ang mga estado ay wala nang hihigit pa sa mga samahan sa pagitan ng mga kapitalista at, sa huli, sila lamang ay kumukuha ng pangsustena mula sa produksiyong pang kapitalista. **Hindi sila nakakaangat sa batas ng ekonomiya pang kapitalismo:** pwede lamang nila ilipat ang kayamanan mula sa isang parte ng namumunong antas tungo sa iba. O umasa sa isang bagay na dapat bumalik anumang oras.

Mga kasama, mga manggagawa

Ang pagkabigo nitong pampulitika, ekonomiya, panlipunang Sistema ay sobrang maliwanag na kahit maraming burgis sa pang-aghaw, pampulitika at larangan ng relihiyon ay nanawagan para sa kanilang malalim na reporma: ang kakaibang relasyon sa kalikasan, ang kakaibang paraan ng paggawa at ang kakaibang pagpili ng kung ano ang gagawin: “mga ospital, hindi mga armas”, ang sabi nila. Lahat ay walang laman na usapan. Sa sandaling matapos ang biglaang pangyayari na ito, o baka maaaring bago pa man, lahat ay babalik sa negosyo tulad ng dati. Ang sistemang ito ay talgang walang katotohanan sa kadahilanang wala itong kakayahan sa reporma.

Ang namumunong antas ay hindi mapayapang isusuko ang kanilang kapangyarihan o isusuko ang kanilang maliit na mga pribilehiyo, ang napakalaking mga kita at ang kasangkapan sa panunupil ng kanilang mga estado.

Ang kasalukuyang kaguluhan sa ritmo ng buhay ay hindi lang dapat ituro sa atin ang kabiguan ng kapitalismo kundi pati ang antas ng manggagawa ay makakakilos ng walang kapitalismo, itong buong lipunan at ekonomiyang sistema. Ang mga burgis ang nangangailangan sa mga antas ng manggagawa at hindi ang kabaliktaran.

Ang pandaigdigang pagkakaisa ng mga amo ng hindi mka-manggagawa, na silang umatake sa mismong pagkakaroon ng mga manggagawa, dapat na tutulan kasama ng pandaigdigang samahan ng mga antas ng manggagawa na lumalaban para sa kanilang kalayaan at para sa kaligtasan ng buong sangkatauhan.

Ang antas ng manggagawa ay kinakailangang magpakilos sa lahat ng bansa para ipagtanggol ang sarili nito mula sa nakakapinsalang epekto ng krisis na ito, para magpataw ng matagal nang hinihiling sa pamamagitan ng pakikibaka:

Buong sweldo para sa mga walang trabaho
Pangkalahatang pagbabawas ng oras sa trabaho para sa parehong sweldo
Pag-reregular sa kalagayan ng mga manggagawang imigrante
Libreng pangangalaga ng kalusugan sa lahat ng manggagawa

Ang antas ng manggagawa, maayos na maayos sa totoong antas ng mga union at maayos na nadidirekta ng kanilang partido, ang tagapag-alaga ng matagal nang itinatag na pandaigdigang programa, dapat magtagumpay sa kanyang rebolusyon sa pagbasag ng makapal na takip sa mga pagkiling at pwera ng panunupil na nakakapagpakulong pa din sa bago, lipunan ng komunista, na kung saan magiging walang antas at walang estado, at na kung saan handa, matatag at kumpleto para palayain ang saraili nito at palaganapin sa lahat ng bansa sa buong mundo.

PANDAIGDIGANG PARTIDO KOMUNISTA
international-communist-party.org